Office of the Vice Governor

Sa mga Mahal na Magsisipagtapos:

Akin po ang karangalang batiin kayo sa natatanging araw ng inyong pag-akyat sa entablado ng pangarap at kaisa ninyo ako sa kagalakan habang kayo ay lumalakad papalapit sa pagtanggap ng minimithi ninyong tagumpay.

Sa bawat pagtatapos ay may bagong pagsisimula; ang bawat hangganan ay tanda ng bagong landas na nakatakda nating tahakin. Baunin nawa ninyo ang mga aral at karanasang bumusog sa inyong isipan at humubog sa inyong pagkatao sapagkat ang mga ito ang magsisilbing gabay at sandata ninyo sa pagharap sa mga bagong hamon ng buhay tungo sa rurok ng kaunlaran.

Sa bawat hakbang ay huwag ninyong limuting pahalagahan ang mga taong nagsilbing lakas ninyo sa pakikipagbuno sa mga pagsubok habang kayo ay nasa paaralan. Yakapin ninyo ang inyong magulang at mga taong nagbigay suporta sa inyo upang mapawi ang kanilang pagod mula sa pagpapagal upang tustusan ang inyong mga pangangailangan. Suklian ninyo ang kanilang mga sakripisyo ng pag-asa na patuloy kayong pagpupunyagi tungo sa mas matiwasay na bukas para sa sarili at sa inyong pamilya.

Binabati ko po ang mga guro at ang pamunuan ng ating Paaralan na nag-alay ng kanilang panahon at lakas upang magsilbing huwaran ng kabutihan, karunungan at disiplina sa ating mga kabataan. Kayo ay kaagapay ng ating Pamahalaan sa pagtataguyod ng de-kalidad na Edukasyon bilang salik sa lubos na pagbabago ng ating lipunan.

Higit sa lahat, ipagpasalamat po natin ang araw na ito sa ating Makapangyarihang Diyos sapagkat sa Kanyang pag-ibig lamang nagmumula ang katuparan ng ating mga layunin.

Muli, maligayang pagtatapos sa lahat ng Kabataang Bulakenyo!

DANIEL R. FERNANDO
Pangalawang Punong Lalawigan



Scanned by CamScanner